AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 3-6
**Aralin 24**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong*“**Anong Gupit Natin Ngayon**” ***na isinulat ni Russel Molina****. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 24** |
|---|
| Book Title: Anong Gupit Natin Ngayon |
| Author: Russel Molina |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**

Magandang araw! 😄☀ Andito muli si Teacher _____. Sa araw na ito, itutuloy natin ang librong 📚Ang Paraiso ng mga Hayop 📚 ni Joanne De Leon.

**II. Pangako Para sa Araling Ito 🙏🏽**

Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Alalahanin ang mga ito habang nagbabasa!

**III.💬 TALASALITAAN**

Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa ibaba na makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Dumadayo -** pumupunta
**(2) Parokyano -** mamimili
**(3) bao -** matigas na balat ng niyog o yung shell nito
**(4) Hugis Palong -** kahugis ng palong ng manok

Atin nang simulan ang kwento!
--

**IV.📚ANONG GUPIT NATIN NGAYON N RUSSEL MOLINA**
*Bigkasin natin ang kada-linya 📣*

•Sikat na barbero 💇🏼‍♂️ ang Tatay 👨 ko. Araw-araw ☀️ ay mahaba ang pila sa kaniyang barberya 💈. Kahit ang mga tao sa kabilang bayan 🏞️ ay dumadayo pa sa amin para magpagupit 💇🏼‍♂️ sa kaniya, May madyik ✨ daw kasi ang gunting ✂️ niya.

•"Anong gupit 💇🏼‍♂️ natin ngayon? 🤔" 'yan ang laging bati niya sabay pagpag ng puting kapa (mahikero nga 'ata itong si Tatay.) Konting gupit 💇🏼‍♂️ sa kanan, konting gupit ✂️ sa kaliwa. Konting ahit sa gilid, konting ahit sa gitna. Huling huli ni Tatay 👨 ang tamang gupit ✂️. Ang bawat hibla'y sumusunod sa utos ng kaniyang suklay. Walang naliligaw. Lahat pantay-pantay,☺️

•Malaking ngiti ang kadalasang nakikita ko sa salamin tuwing patapos na si Tatay 👨 at naglalagay na ng pulbo. "Ang galing talaga ng Tatay mo, iho!", pahangang sinasabi ng mga parokyano. "Kuhang-kuha niya ang gusto ko!" Masaya ang lahat ng ginugupitan 💇🏼‍♂️ ni Tatay 👨🏻‍🦱 ...maliban sa akin.

•Ayaw na ayaw ko kasi sa gupit ✂️ ko. Kung titingnan ninyo ang mga litrato ko'y maiintindihan ninyo ako. Iisa lang kasi ang itsura ko: Para akong may bao sa ulo 👦! Simula beybi 👶 pa lang ako'y ganito na ang gupit ko ✂️. Hindi na napalitan. Hindi na nagbago. Kahit na ano'ng gawin kong suklay at ayos dito'y bumabalik pa rin sa dating anyo. Madalas tuloy akong mapakamot ng ulo. Bakit kaya hindi ako tinatanong ni Tatay ng "Ano'ng gupit 💇🏼‍♂️ natin ngayon? 🤔" Di lang iisang beses kong naisip ang sasagot dito.

•Minsa'y naisip kong pahabain ang aking mga patilya. 🤔 Mahaaaaabang-mahaaaaaaaaaaaba 👦🏻. Para puwede ko nang kabitan ng mga saranggola 🪁. Ang sarap sigurong magbisikleta 🚴‍♂️ habang may sumasayaw-sayaw na mga boka-boka.

•Eh kung makapal at kulot naman 👨🦱? Lagi na akong may dalang unan! Puwede na akong umidlip 😴 kahit saan. "Eeeebooooy! 'Wag tutulog-tulog!" Naku, parang bigla ko tuloy narinig si Nanay 👩🏻. "Halika rito't 🙋🏻‍♀️ tulungan mo akong magbuhat ng mga paninda ko 🧺." Mas maganda siguro kung hugis-basket 🧺 ang buhok 💇🏻‍♂️ ko. Para mas madaling dalhin ang mga nilalakong puto seko. 🍙

•Maganda rin siguro kung tayo-tayo ang buhok ko 🧒🏻. At kulay berde pa ito! Bidang-diba ako sa taguan 👐 dahil walang makahahanap sa akin ‘pag natago na ako sa mga damo 🌾. (Sandali, sa barbero ba ako pupunta o sa hardinero?) 🤔

•Nakakita ka na ba ng pugad sa ulo? 🤔 Sabi kasi ng kaklase ko’y yun ang uso. ‘Yung magulong-magulo at parang magkaka-away ang mga hibla ng buhok mo. 🙂 Kinakabahan lang ako 😣 at baka may mangitlog 🥚 na ibon 🦉 dito. Hugis-palong, korteng sombrero, 🧢 mukhang payong, 🌂 gupit sundalo...👦🏻 sari-saring estilo ang naglalaro-laro sa utak ko. 🧠

•Isang araw ☀ ay kinausap ako ni Tatay. 👨🏻 “Bakit bigla kang lumaki, iho? 🤔”, ang sabi niya sa akin habang kinukusot ang buhok ko 💇🏻‍♂. “Dati-rati’y ‘di mo pa maabot ang silyang ito. 😄 Ngayo’y parang malalampasan mo na ako. Ambilis talaga ng panahon. 🙂 ‘Di na beybi 👶 ang anak ko ☺.” Pinaupo ako ni Tatay 👨🏻 sa silya at sinuotan ng kapa. “Ang haba ng buhok mo,” 🙂 ang sabi niya, “anong gupit natin ngayon? 🤔” Nagulat ako. ‘Di tuloy ako nakasagot. “Gupit binata ba, iho? 🤔”, kindat niya sa akin. Napangiti ako at tumango ng “opo”. 😊

•“Pumikit ka muna’t baka ka mapuwing. ☺”, sabi ni Tatay 👨🏻 habang tumatakbo ang suklay sa may noo ko. Konting gupit 💇🏻‍♂ sa kanan, konting gupit sa kaliwa. Konting ahit sa gilid, konting hati sa gitna 💇🏻‍♂. Pagdilat ng mga mata ko’y nakita ko ang pinakamalaking ngiti sa salamin ☺. May madyik nga ang gunting ✂ ni Tatay. ☺
--

Ang galing!
Bigyan ang sarili ng good job para sa iyong maayos na pagbabasa.

**V. Gawain** ✏
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Anong trabaho ng Tatay ni Eboy?

🔎 Bakit ayaw na ayaw na ni Eboy ang kanyang gupit?

🔎 Anu-ano ang mga naisip na istilo ng buhok ni Eboy?

🔎 Ano ang palaging tinanong ng tatay ni Eboy sa kaniyang parokyano na gusto ring ipatanong ni Eboy sa kanyang Tatay?

🔎 Sa dulo nabanggit ang istilo ng buhok na ginupit ng tatay ni Eboy sa kanya. Natatandaan mo pa ba kung ano ito?

Ginupitan si Eboy ng pang-gupit binata ng kanyang Tatay.🙂

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽
Bago matapos ang ating aralin, isang activity ang aking ipagagawa sa iyo. 😉

Iguhit✏ ang istilo ng buhok na gusto mo, at ilarawan ito gamit ang tatlong pangungusap.🤗

Ano man ang iyong malikha, huwag mo pa ring kalimutan na alagaan ang iyong sarili. 😊 Panatilihing malinis at presentable ang itsura sa ibang tao. Para sa mga babae 👩, kung mahaba ang buhok ay itali ito. Para sa mga lalaki 👦, panatiling malinis tingnan ang iyong gupit habang nag-aaral.

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏

🔎Ang Tatay ni Eboy ay isang barbero. 💈 Anong ginagawa ni Tatay o ni Nanay sa araw-araw? 🤔

🔎Dahil para siyang may bao sa ulo. 👦Anong gupit mo noong apat o limang taong gulang ka pa lamang? 🤔

🔎- Gupit na may mahabang patilya.
- Gupit na makapal at kulot na buhok.
- Gupit na may tayo-tayong buhok.
- Gupit na parang may pugad sa ulo.
- Gupit na Hugis Palong.
- Gupit na korteng sombrero.
- Gupit na mukhang payong.
- At, gupit sundalo.

Ikaw, ano ang mga istilo ng buhok ang naisip mong bagay sa iyo? 🤔

🔎Ito ay ang mga katagang “Anong gupit natin ngayon?” Natatandaan mo pa ba ang parating itinatanong sa iyo ng mga kasama mo sa bahay? 🤔

🔎Ginupitan si Eboy ng pang-gupit binata ng kanyang Tatay.🙂

**VIII. Pagtatapos**✔️

Mahusay! 🤩

Natapos natin ang istorya! 👏

May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.